



## MGA PAGDINIG NG INPUT MULA SA PUBLIKO

### ► Ano ang “Redistricting” o Muling Pagdidistrito?

Bawa’t sampung taon, ang sensus ay nagbibigay ng isang larawan ng kung gaano karaming mga tao ang nasa sa Estados Unidos at kung saan sila naninirahan. Sa oras na aming mabatid kung gaano karaming mga tao ang naninirahan sa California, kami ay muling nagdidistrito. Iyon ay, aming ginuguhit ang mga bagong linya ng distrito na naglalagay ng magkakaparehong dami ng mga tao sa bawa’t pang-elektoral na distrito.

### ► Ano ang *California Citizens Redistricting Commission*?

Noong 2008 at 2010, ang mga botante ay nagpasa ng mga Proposisyon 11 at 20. Noong 2011, sa kauna-unahang pagkakataon sa California, ang 14-na kataong Komisyon ay guguhit ng mga mapa ng:

- 53 Kongresyunal na mga distrito
- 40 Pang-Senadong mga distrito ng California
- 80 Pang-Asembleyong mga distrito ng California
- 4 na Lupon ng Pagpapareho (Board of Equalization) na mga distrito

Batay sa data ng sensus at input ng publiko, guguhit ang Komisyon ng mga bagong mapa ng distrito sa bukas na mga pagpupulong ng publiko at mayroon hanggang Agosto 15, 2011 upang mag-apruba ng kahuli-hulihang mga mapa at ulat.

### ► Paano magpapasya ang Komisyon tungkol sa paraan ng pagguhit ng mga linya ng distrito?

Ang *Konstitusyon ng California (California Constitution)* ay nagbibigay sa Komisyon ng partikular na mga inunang kriteriya sa pagguguhit ng mga mapa ng distrito:

1. **Iguhit ang mga distritong may magkakatumbas na populasyon**, batay sa Konstitusyon ng Estados Unidos.
2. **Sumunod sa pampederal na Batas ng mga Karapatan ng Pagboto (Voting Rights Act)**, upang makasiguro na ang mga minoryang manghahalal ay may kapantay na pagkakataon upang maghalal ng kanilang piniling mga kandidato
3. **Iguhit ang mga magkakalapit na distrito**, upang ang isang distrito ay maging konektado sa lahat ng mga puntos.
4. **Igalang ang mga county, mga lungsod, mga komunidad ng interes, at mga purok**, hangga’t maaari.
5. **Iguhit ang mga distrito upang maging masinsin**, kung saan maisasagawa, at ilagay lamang pagkatapos na masapatan ang mas naunang mga kriteriya.
6. **Iguhit ang mga distrito upang magkasya sa isa’t-isa**, kung saan maisasagawa. Iyon ay, isang distrito ng Senado ay maglalaman ng dalawang mga distrito ng Asembleyo, isang distrito ng Lupon ng Pagpapareho (Board of Equalization) ay maglalaman ng sampung mga distrito ng Senado, at iba pa.
7. **Sa karagdagan ang Komisyon ay maaring hindi magsaalang-alang ng tirahan ng isang kasalukuyang nanunungkulan o kandidatong pampulitikosa paggawa ng isang distrito.**

### ► Bakit nais na makarinig ng Komisyon mula sa publiko?

Ang pagsasalita tungkol sa inyong komunidad ay kritikal sa pagsisiguro na ang mga linya ng distrito ay iginuhit upang mapanatiling buo ang inyong komunidad at isinama sa kakadikit na mga komunidad na may magkaparehong mga interes. Sinisiguro nito na ang inyong boses ay narinig ng inyong inihalal na mga pinuno sa gayong mga desisyon na katulad ng kalidad ng paaralan ng inyong anak o kung gaano kataas ang inyong mga buwis.

➤ **Ano ang mangyayari sa mga pampublikong isinumiteng mga komenta at paano gagamitin ang mga ito sa pagguguhit ng linya?**

Kasama ng data ng sensus, ang pampublikong isinumiteng mga komenta ay gagamitin upang matulungan ang Komisyon sa oras na ito ay ay magsimula sa pagguguhit ng mga hangganan ng distrito. Ang pokus ng katibayana ng publiko ay upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa kakaibang mga katangian ng pampublikong mga Komunidad ng Interes mula sa mga taong lubos na pamilyar sa kanilang mga purok.

➤ **Makikita ba ng publiko kung saan iguguhit ang mga linya?**

Oo! Ang lahat ng mga pagpupulong ng Komisyon ay bukas para sa publiko, naka-livestream sa web (hangga't maaari), at naka-videotape, na, kasama ng mga kopya at mga naka-archive na video, ay magbigigay ng walang kapantay na pampublikong pag-aaninaw sa proseso ng muling pagdidistrito. Ang mga plano ng mapa ng mga iminumungkahing distrito ay ipapaskil sa website ng Komisyon sa Hunyo at Hulyo.

➤ **Ano ang isang “Komunidad ng Interes”?**

Ang isang Komunidad ng Interes [Community of Interest (COI)] ay isang konektadong heograpikong populasyon na nakikibahagi sa pangkaraniwang pangsosyal at pang-ekonomikong mga interes. Ang mga halimbawa ng gayong kabahaging mga interes ay:

- Iyong mga karaniwan sa mga lugar na tulad ng panglungsod, pangrural, pang-ndustriyal, o pang-agrikultura; gayun din sa pangheorapikong katulad ng mga ilog, mga bundok, mga baybayin, malayo sa aplaya, watershed, atbp.
- Iyong mga karaniwan sa mga lugar na kung saan ang mga tao ay nakikibahagi sa magkaparehong mga pamantayan ng pamumuhay, gumagamit ng magkaparehong mga pasilidad ng transportasyon, may mga magkaparehong oportunidad sa trabaho, o may akses sa magkaparehong mga paraan ng komunikasyon na may kaugnayan sa proseso ng paghahalal; pati na rin sa pinagtulungan na karaniwang mga layunin.

➤ **Paano maibigay ang komenta at katibayan ng publiko?**

Hinihimok ng Komisyon ang publiko na magbigay ng katibayan sa pagsisikap na pinakamabuting makilala ang natatanging pangrehiyonal na mga katangian ng mga Komunidad ng Interes. Ang mga komenta ng publiko tungkol sa mga Komunidad ng Interes ay maaring isumite sa iba't-ibang mga paraan, kasama ng:

- Personal na Pagpunta sa mga Pagdinig ng Input na idinaraos sa buong estado. Ang isang iskedyul ng lahat ng mga lokasyon ng pagdinig ng input at mga petsa ay matatagpuan sa [www.wedrawthelines.ca.gov](http://www.wedrawthelines.ca.gov) na website.
- Nang Nakasulat: ang mga komenta ng publiko ay maaring ipadala sa pamamagitan ng email sa [votersfirstact@crc.ca.gov](mailto:votersfirstact@crc.ca.gov) o sa pamamagitan ng koreo o fax: Citizens Redistricting Commission 1130 K Street, Suite 101 Sacramento, CA 95814 Fax: (916) 322-0904
- Sa pamamagitan ng isang nakabatay sa komunidad na organisasyon [community-based organization (CBO)]: Maraming mga CBO na nagtatrabaho at naghaharap ng katibayan sa Komisyon. Magtungo sa: [www.RedistrictingCA.org](http://www.RedistrictingCA.org).

➤ **Paano dapat ibigay ang katibayan ng publiko sa mga Pagdinig ng Input?**

Bawat indibidwal na nasa isang Pagdinig ng Input ng Publiko ay bibigyan ng hanggang 5 minuto (3 minuto kung kakailangan batay sa laki ng publiko) upang magsabi ng tungkol sa kanilang komunidad sa Komisyon. Inirerekomenda na isaalang-alang ng publiko na isama ang mga sagot sa mga tanong na nakalista sa ibaba sa isang pagsisikap na matulungan ang Komisyon sa pag-unawa ng bawat Komunidad ng Interes.

**Ano ang nagbibigkis sa inyong komunidad – ano ang karaniwang mga nag-uugnay sa inyong komunidad?**

---

---

**Saan naroroon ang inyong komunidad – anu-ano ang mga hangganan ng inyong komunidad?**

---

---

**Bakit kailangang panatilihin magkakasama ang komunidad – o magkahiwalay mula sa ibang lugar?**

---

---

**Ang mga mapa ay labis na nakakatulong! Kabilang sa mga halimbawa ang Mga Mapa ng Google AAA, o maging ang mga iginuhit ng kamay. Lahat ng mga mapa ay dapat na maliwanag na magpakita kung saan naroroon ang county (hal. County/Lungsod) pati na rin ang mga hangganan nito (hal. mga kalye, mga ilog, mga riles ng tren, atbp.)**

➤ **Saan ako mas makakakuha ng kaalaman tungkol sa *Komisyon ng Muling Pagdidistritong mga Mamamayan (Citizens Redistricting Commission)* o muling pagdidistrito sa pangkalahatan?**

Ang website ng Citizens Redistricting Commission ay nagbibigay ng nakakatulong na impormasyon at mahalagang mga koneksyon (links) sa mga site ng muling pagdidistrito at mga isyu sa buong California sa [www.wedrawthelines.oca.gov](http://www.wedrawthelines.oca.gov) .

\*Makisali sa amin na gawin ang muling pagdidistrito ng California na isang tungkol sa “*Makatarungang Representasyon – Nagtatrabahong Demokrasya!*”